Sabihin mo: O Allāh, magpatnubay Ka sa akin at magtama Ka sa akin. Mag-alaala ka sa patnubay bilang kapatnubayan mo sa daan at sa pagkatama bilang pagkatama ng palaso."}

Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sabihin mo: O Allāh, magpatnubay Ka sa akin at magtama Ka sa akin. Mag-alaala ka sa patnubay bilang kapatnubayan mo sa daan at sa pagkatama bilang pagkatama ng palaso."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya) na dumalangin siya kay Allāh at humiling siya sa Kanya saka magsabi: "O Allāh, magpatnubay Ka sa akin" at gumabay Ka sa akin at magturo Ka sa akin "at magtama Ka sa akin" at magtuon Ka sa akin at gumawa Ka sa akin bilang matuwid sa lahat ng mga nauukol sa akin. Ang patnubay ay ang pagkakaalam ng totoo sa pagdedetalye at sa pagbubuod at ang pagkatuon sa pagsunod doon sa panlabas at sa panloob. Ang pagkatama ay ang pagkatuon at ang pagpapakatuwid sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng anumang nagiging tama sa katotohanan. Ito ay ang daang tuwid sa sinasabi, ginagawa, at pinaniniwalaan. Dahil ang utos na moral ay lumiliwanag sa pamamagitan ng pisikal, magsaalaala ka habang ikaw ay dumadalangin ng panalanging ito na: "Ang patnubay bilang kapatnubayan mo sa daan." Kaya magpadalo ka nito sa puso mo habang ikaw ay humihingi ng isang kapatnubayang gaya ng kapatnubayan ng sinumang naglakbay sapagkat tunay na siya ay hindi lumilihis palayo sa daan pakanan o pakaliwa. Iyon ay upang maligtas siya mula sa pagkawala. Sa pamamagitan niyon, magkakamit siya ng kaligtasan at makaaabot siya sa tunguhin niya nang mabilis. "Ang pagkatama bilang pagkatama ng palaso" sapagkat ikaw ay makapapansin sa sandali ng pagpapatama mo ng palaso sa bilis ng pag-abot nito at pagsapol nito sa layon sapagkat ang manunudla, kapag tumudla sa isang pakay, ay magpapatama ng palaso tungo sa pakay. Kaya gayon din, humingi ka kay Allāh (napakataas Siya) ng nilalayon mo na pagpapatama ayon sa anyo ng palaso para ikaw, sa paghingi mo, ay maging isang tagahiling ng tunguhin ng patnubay at wakas ng pagkatama. Magpadalo ka ng kahulugang ito sa puso mo nang sa gayon mahingi mo kay Allāh ang pagkatama upang ang nilalayon mo mula roon ay maging pakikipag-anyo ng ginagamit mo sa pagtudla.